# OKAY LANG MAGTANONG



# Mga Tanong at Sagot

para sa mga Pasyenteng Bagong Na-diagnose na May Kanser Sa Baga

AstraZeneca

# DAAN TUNGO SA MAS MAAYOS NA PAGGAMOT NG INYONG KANSER SA BAGA

**Ang diagnosis ng kanser sa baga ay maaaring dumating bilang isang pagka-bigla.**

Maaari kayong magapi at hindi sigurado sa susunod na hakbang. Ngunit maaari ninyong armasan ang inyong sarili ng kaalamang makapagbibigay-daan sa inyo na gumawa ng isang maagap na pamamaraan.

Sumunod na sa tamang landas ng kurso ng paggamot sa simula pa lamang sa pamamagitan ng pagtanong ng mga nararapat na tanong. Maaaring makatulong ito sa pag-optimize ng inyong plano sa paggamot. Narito ang ilang mahalagang tanong at pangunahing terminolohiya na makakatulong sa inyo sa bawat hakbang ng diagnosis at paggamot.

*Tandaan, okay lang magtanong.*

## Testing at Staging

**Mga Uri:**
Non-Small Cell Lung Cancer (NSCLC) or Small Cell Lung Cancer (SCLC)

**Mga Stage:** 1, 2, 3, or 4

## Pag-unawa sa mga Biomarker

**Ang mga biomarker test** ay pamantayan ng pag-alaga ng mga pasyenteng may stage 4 na NSCLC.

Mga karaniwang **biomarker test:** EGFR, ALK, BRAF, MET, ROS1, NTRK, PD-L1

*EGFR = Epidermal Growth Factor Receptor.

## Mga Opsyong Isinapersonal na Plano sa Paggamot

- Pag-opera
- Radyasyon
- Chemotherapy
- Targeted na Therapy
- Immunotherapy

## Maging Proactive. Magkaroon ng Pag-Asa. Manatiling Positibo.

- Magpahinga at alagaan ang inyong sarili
- Palagiang pagpapatinigin sa mga doktor
- Suporta ng komunidad

# TESTING
## AT STAGING

Dahil iba't iba ang epekto ng kanser sa baga sa iba't ibang tao, ang pag-unawa sa inyong kanser ay napaka-halaga para sa inyong paggamot. **Isang serye ng mga test/pagsusuri ang kinakailangan para ma-diagnose ang kanser sa baga. Mga karagdagang pagsubok ang kikilala sa uri at stage ng kanser, na makakatulong sa pagtukoy ng mga opsyon sa paggamot.**

### TANONG: Kapag napaghinalaang may kanser sa baga, anong mga test ang aking kailangan?


- **Mga Imaging Test** tulad ng Chest X-ray, CT (o CAT) scan, MRI, PET, o isang Bone Scan na kumukuha ng mga litrato sa loob ng inyong katawan nang matukoy ang kahit anong mga tumor, ang laki ng mga ito, at kung ang tumor ay kumalat na sa lymph nodes o sa iba pang bahagi ng inyong katawan
- **Mga Tissue Biopsy** ay nagsusuri ng isang maliit na bahagi ng napaghihinalaang tissue mula sa isang tumor upang matukoy kung ang isang tao ay may kanser sa baga at, kung meron, anong uri ng kanser sa baga: Non-Small Cell Lung Cancer (NSCLC) or Small-Cell Lung Cancer (SCLC)
- **Biomarker Testing** ay maaaring gawin nang matukoy ang kahit anong mga biomarker na maaaring magpalaki at magpagkalat ng inyong kanser kapag kayo ay ma-diagnose ng stage 4 na NSCLC. Ang mga resulta ng mga pagsusuri ay maaaring makatulong sa pagtukoy ng mga opsyon sa paggamot para sa mismong uri ng inyong kanser sa baga



### TANONG: Anong uri ng kanser sa baga ang meron ako?

Isa sa mga paraan ng pagtukoy sa uri ng kanser sa baga ay sa pamamagitan ng pagtingin sa mga cell ng kanser sa ilalim ng isang microscope.
**Ang dalawang pangunahing uri ng mga kanser sa baga ay:**

**80% to 85%**
**Non-Small Cell Lung Cancer (NSCLC)**
Ang pinaka-karaniwang uri ng kanser sa baga




**10% to 15%**
**Small Cell Lung Cancer (SCLC)**

### TANONG: Kumalat na ba ang aking kanser sa ibang bahagi ng aking katawan? Kung oo, saan ito matatagpuan?

Ang mga pangunahing stage ng non-small cell lung cancer ay stage 1 hanggang stage 4. Kapag mas mababa ang stage number, mas kaunti ang pagkalat ng kanser.

### Ang Mga Stage ng Non-Small Cell Lung Cancer



**Stage 1**: Ang kanser ay matatagpuan sa baga lamang, at hindi ito kumalat sa kahit anong lymph node. Ang tumor ay hindi mas malaki sa iilang sentimetro.



**Stage 2**: Ang kanser ay nasa baga at maaaring kumalat na sa mga malalapit na lymph node sa kaparehong baga.



**Stage 3** (locally advanced): Ang kanser ay natuklasan na sa mga baga, lymph nodes at sa mga istruktura sa paligid ng gitna ng dibdib.



**Stage 4** (metastatic): Ang kanser ay kumalat na sa parehong baga, sa paligid ng mga baga, o sa iba pang bahagi ng katawan, tulad ng atay o iba pang mga organ.

# PAG-UNAWA
## SA MGA BIOMARKER

Ang kanser sa baga ay isang kumplikadong sakit na nagsasangkot ng maraming detalye nang higit pa sa paunang diagnosis. **Kung kayo ay ma-diagnose na mayroong stage 4 na NSCLC, ang pag-aaral ng biomarker ng kanser ay isang mahalagang hakbang kasunod ang paunang diagnosis.**

### TANONG: Ano ang isang biomarker?



Ang biomarker ay isang molecule na maaaring sukatin sa mga tissue, dugo, o iba pang bodily fluids na maaaring magbunyag ng mga namumukod na katangian ng kanser sa baga ng isang indibidwal.

### TANONG: Ano ang biomarker testing?



Ang biomarker testing ay naghahanap ng mga biological na pagbabago sa mga gene o protina, tulad ng EGFR o ALK, upang matukoy kung ikaw ay meron bang isang mutation sa iyong mga gene o isang partikular na protina na nagiging sanhi ng paglaki at pagkalat ng iyong kanser. **Ang biomarker testing** ay tinutukoy minsan bilang **genetic testing, molecular testing, o mutation testing.**

### TANONG: Bakit ko kinakailangang kumuha ng biomarker testing?

Binago nang lubusan ng mga biomarker ang paggamot sa kanser sa baga, na nagdulot ng makabagong precision medicine. Ang pag-alam na ang inyong kanser ay may isang partikular na biomarker ay nangangahulugang maaari ninyong target-in kung ano ang nagpapalaki at nagpapakalat sa inyong kanser sa simula't sapul pa lamang. Bilang resulta, **maaari kayong umasa sa mas mabuting kalalabasan ng paggamot.**[1-3]

### TANONG: Paano ginagawa ang biomarker testing?

May dalawang paraan sa pagsuri para sa mga biomarker. Pareho ay maaaring kinakailangan upang makakuha ng kumpletong diagnosis ng **inyong stage 4 na NSCLC:**



**Tissue Test**
Pagkuha ng tissue mula sa tumor upang ito ay masuri



**Blood Test**
Kilala rin bilang liquid biopsy o plasma test




1. Kris MG, Johnson BE, Berry LD, et al. Using multiplexed assays of oncogenic drivers in lung cancers to select targeted drugs. *JAMA.* 2014;311(19):1998-2006.
2. Gutierrez ME, Choi K, Lanman RB, et al. Genomic profiling of advanced non-small cell lung cancer in community settings: gaps and opportunities. *Clin Lung Cancer.* 2017;18(6):651-659. 3. Singal G, Miller PG, Agarwala V, et al. Association of patient characteristics and tumor genomics with clinical outcomes among patients with non-small cell lung cancer using a clinicogenomic database. *JAMA.* 2019;321(14):1391-1399.

# PAG-UNAWA
## SA MGA BIOMARKER

**TANONG: Ang aking kanser ba ay nasuri nang positibo para sa mga biomarker? Kung oo, anu-ano sila?**

Ang mga pasyenteng na-diagnose na may stage 4 na NSCLC ay maaaring masuring positibo para sa isa o ilan pang molecular o immune biomarker:

**Mga Molecular Biomarker: EGFR, ALK, BRAF, MET, ROS1, NTRK**
**Immune Biomarker: PD-L1**

Ang pagtuklas sa sa mga molecular biomarker ay nagbibigay ng opsyong targeted na therapy at ang pagtuklas ng immune biomarker ay nagbibigay ng opsyong immunotherapy. **Kung sila ay parehong matuklasan, sinasaad ng NCCN Clinical Practice Guidelines In Oncology (NCCN Guidelines®) na mga opsyong targeted na therapy ang nararapat na may higit na kahalagahan sa paggamot, sa dahilang ang mga therapy na ito ay tina-target kung ano ang sanhi ng paglaki at pagkalat ng inyong kanser.**[4]

Hanggang **50%** ng mga Asyanong may stage 4 na NSCLC ay may kanser na **nasuring positibo para sa isang EGFR biomarker.**[5,6*]

**Magpasuri para sa lahat ng actionable na biomarker, kasama ang EGFR, kahit na ang inyong stage 4 na NSCLC ay masuring positibo para sa PD-L1, para masiguradong kumpleto ang inyong diagnosis.**

*Ang mga kasong ito ay partikular sa adenocarcinoma, isang karaniwang uri ng NSCLC.


4. Referenced with permission from the NCCN Clinical Practice Guidelines in Oncology (NCCN Guidelines®) for Non-Small Cell Lung Cancer V.1.2020. © National Comprehensive Cancer Network, Inc. 2020. All rights reserved. Accessed November 6, 2019. To view the most recent and complete version of the guideline, go online to NCCN.org. NCCN makes no warranties of any kind whatsoever regarding their content, use or application and disclaims any responsibility for their application or use in any way. 5. Shi Y, Au J, Thongprasert S, et al. A prospective, molecular epidemiology study of EGFR mutations in Asian patients with advanced non-small cell lung cancer of adenocarcinomas histology (PIONEER). *J Thorac Oncol.* 2014;9:154-162.
6. Sholl L, Aisner D, Varella-Garcia M, et al. Multi-institutional Oncogenic Driver Mutation Analysis in Lung Adenocarcinoma: The Lung Cancer Mutation Consortium Experience. *J Thorac Oncol.* 2015;10(5):768–777.




### Ang mga resulta ng mga biomarker test ay maaaring magtagal bago ito makuha.

Maaari ninyong gustuhin na kaagad nang magsimula sa paggamot. Ito ay kauna-unawa. Ngunit, ang pagkuha muna ng biomarker testing ay irinerekomenda, kung maaari, sa dahilang ang mga biomarker ay maaaring magkaroon ng pangunahing papel sa inyong pagpili ng paraan ng paggamot. **Ang pag-alam sa kung ano ang nagtutulak sa inyong kanser na lumaki at kumalat ay nangangahulugang maaari ninyong target-in ang biomarker na iyon sa simula't sapul pa lamang. Ang paggamot na batay sa kabuuang resulta ng biomarker test ay maaaring magpabuti sa kalalabasan ng paggamot.**

*"Ang aking stage 4 na NSCLC ba ay positibo para sa EGFR??"*

**Tanungin ang inyong doktor ngayon.**



# ISINAPERSONAL
## NA PAGGAMOT PARA SA INYO

Hindi lahat ng kanser sa baga ay pareho. Ang inyong paggamot ay hindi din dapat kapareho lang ng sa iba. Kung kayo ay may stage 4 na NSCLC, tanungin ang inyong doktor kung ang inyong kanser ay nasuri na para sa mga biomarker. Kung kayo ay masuring positibo para sa isang actionable na biomarker, ang mga targeted na therapy ay maaaring opsyon sa paggamot para sa inyo.

**TANONG: Paano gumagana ang Targeted Therapy?**

Ang mga targeted na therapy ay tina-target ang ilang mga biomarker o mga mutation na nagtutulak sa kanser na lumaki at kumalat. Upang matukoy kung targeted na therapy ba ay maaaring opsyon sa paggamot ng inyong stage 4 na NSCLC, napaka-halagang kumuha ng biomarker testing.

**TANONG: Ang mga test result ko ay pinapakita na mayroon akong stage 4 na NSCLC na mayroong EGFR mutation. Ano ang ibig sabihin nito para sa aking paggamot?**

**Epidermal Growth Factor Receptor (EGFR)** ay isang protina na nahahanap sa ibabaw ng ilang cell na kung saan nagbubuklod ang mga epidermal growth factor, sanhi upang ang mga cell ay maghati.

Kung ang inyong stage 4 na NSCLC ay mayroong EGFR mutation, inirerekomenda ng mga guidelines/patnubay na gamutin ang inyong kanser ng targeted na therapy na kilala bilang isang **EGFR Tyrosine Kinase Inhibitor (TKI).**[4] Ang mga paraan ng paggamot na ito ay idinisenyo nang partikular **upang target-in ang nagtutulak sa inyong kanser sa baga, isang EGFR mutation.**

Mga pasyente na may stage 4 na NSCLC na may **mutation driven na kanser sa baga** ay mas malamang na tumugon sa targeted na therapy laban sa iba pang paraan ng paggamot. **Bilang resulta, targeted na therapy ang maaaring magbigay sa inyo ng pinaka-magandang pagkakataong mabuhay nang mas matagal.**[1-3]

1. Kris MG, Johnson BE, Berry LD, et al. Using multiplexed assays of oncogenic drivers in lung cancers to select targeted drugs. *JAMA.* 2014;311(19):1998-2006. 2. Gutierrez ME, Choi K, Lanman RB, et al. Genomic profiling of advanced non-small cell lung cancer in community settings: gaps and opportunities. *Clin Lung Cancer.* 2017;18(6):651-659. 3. Singal G, Miller PG, Agarwala V, et al. Association of patient characteristics and tumor genomics with clinical outcomes among patients with non-small cell lung cancer using a clinicogenomic database. *JAMA.* 2019;321(14):1391-1399. 4. Referenced with permission from the NCCN Clinical Practice Guidelines in Oncology (NCCN Guidelines®) for Non-Small Cell Lung Cancer V.1.2020. © National Comprehensive Cancer Network, Inc. 2020. All rights reserved. Accessed November 6, 2019. To view the most recent and complete version of the guideline, go online to NCCN.org. NCCN makes no warranties of any kind whatsoever regarding their content, use or application and disclaims any responsibility for their application or use in any way.



| TANUNGIN ANG INYONG DOKTOR | |
|---|---|
| | tungkol sa biomarker testing kung kayo ay may stage 4 na NSCLC. |
| | kung ang inyong stage 4 na NSCLC ay may EGFR mutation. |
| | kung ang targeted na therapy ba ay isang opsyon para sa inyo. |

*Tandaan, okay lang magtanong.*

**Simulan ang usapan ngayon.**

Para sa karagdagang kaalaman, bumisita sa: TreatYourLungCancer.com/fil

## Ang Aking Healthcare Provider

Name of Doctor:

Phone Number:

Address:

AstraZeneca

©2020 AstraZeneca. All rights reserved. US-32874 Last Updated 1/20